



June 5, 2020

Impormasyon tungkol sa Remdesivir para sa mga Pasyente at Magulang/Tagapag-alaga

Ang remdesivir ay gamot sa coronavirus disease 2019 (COVID-19). Sinusuri ng impormasyong ito ang mga panganib at pakinabang ng paggamit ng remdesivir.

Ano ang remdesivir?

Ang remdesivir ay gamot na puwedeng makatulong sa iyong gumaling nang mas mabilis mula sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagbabawas ng virus sa katawan mo. Pinapayagan ng FDA na maibigay ang remdesivir sa mga taong may COVID-19 sa ilalim ng Emergency Use Authorization (EUA, Pahintulot sa Emergency na Paggamit). Hindi itinuturing na aprubado ng FDA ang remdesivir dahil pinag-aaralan pa ito.

Puwede ba akong makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa remdesivir?

Oo. Itanong sa iyong doktor kung paano posibleng makatulong ang remdesivir at kung ano ang mga posibleng side effect. Puwede kang bigyan ng iyong doktor ng detalyadong FDA Fact Sheet (Sheet ng Impormasyon mula sa FDA).

Ano ang mga opsyon ko?

Ikaw ang bahala kung magpapagamot ka gamit ang remdesivir o hindi. Puwede mo ring itigil ang paggamit ng remdesivir anumang oras. Hindi magbabago ang iba pang medikal na pangangalagang natatanggap mo dahil sa mga desisyong ito. Itanong sa doktor mo ang tungkol sa anupamang gamot na posibleng makatulong sa iyo. Ipagbigay-alam sa team na nangangalaga sa iyong kalusugan ang tungkol sa anumang pagbabago sa mga desisyong mo.

Limitado ba ang supply ng remdesivir?

Oo. Limitadong supply ng remdesivir ang ipinapamahagi sa mga ospital batay sa dami ng mga taong may COVID-19 na nasa ospital. Ipapaalam sa iyo ng doktor at mga nurse mo kung may remdesivir sa iyong ospital. Nakabatay ang mga desisyong sa paggamot sa lala ng iyong sakit at hindi sa edad, lahi, etnisidad, relihiyon, kapansanan, o status ng insurance.

Ano ang Emergency Use Authorization (EUA, Pahintulot sa Emergency na Paggamit)?

Sa oras ng mga emergency gaya ng pandemic, puwedeng magbigay ng EUA ang FDA sa mga gamot na pinag-aaralan pa pero mukhang ligtas at epektibong lunas.

Ano ang mga susunod na hakbang?

- Makipag-usap sa iyong doktor kung available ba ang remdesivir o iba pang gamot at kung gusto mong makakuha nito.
- Pumili ng taong makakatulong sa iyong magdesisyon tungkol sa mga medikal na usapin.
- Sabihin sa iyong medikal na team kung sino ang tumutulong sa iyo kung hindi mo kayang magsalita para sa iyong sarili.
- Siguraduhing ipaalam sa taong iyon kung ano ang mahalaga sa iyo.
- Patuloy na makipag-usap sa medikal na team mo tungkol sa iyong mga tanong.